

PROLOGUE

“You promised me, Art! I need that money today.” Mababa ang tinig ni Sidney de Castro dahil kung hindi, baka mapasigaw siya at maging hysterikal. Ayaw naman niyang dagdagan pa ang kahihiyan at magmakaawa sa gago niyang boss.

Humalukipkip si Arthur na lalong ikinaumbok ng maskulado nitong mga biceps, tuloy sumilip ang mga tattoo nito mula sa mga manggas ng suot nitong hapit na itim na T-shirt. Mas mukha itong bouncer sa club imbis na cook-slash-diner owner sa buhok nitong nakatayo dahil sa gel at sa manipis na goatee nitong nag-aambisyong mag-ala *Tony Stark*. Pero wala man ito sa kalingkingan ng fictional billionaire playboy, mukhang sing-tigas ng armor ni *Iron Man* ang mukha ni Arthur.

“I didn’t promise you anything,” mayabang nitong saad. “Just as I didn’t promise not to call Immigration Services to tell them you tricked me into hiring an illegal alien to work in my diner. Now get your butt back out there and earn your pay before I fire you.” Tinalikuran siya nito, kinuha ang jacket bago lumabas ng kusina at ibinalabag ang pinto.

Kumuyom ang mga kamay ni Sidney at gusto niyang ibato sa pinto ang nakasalang na kaserola ng sopas. Kung sana lang ay nakatayo pa roon ang Amerikanong ungas. Ngunit dahil hindi siya bayolenteng tao at malamang ay mabubuhusan pa niya ang sarili kapag sinubukang angatin ang kaserola, nagpigil siya. Ang hindi niya napigilan ay ang pagpatak ng mga luha. Naiinis niyang pinunasan ang mga mata sa ilalim ng makakapal na salamin pero nagpatuloy ang mga iyon sa pagtulo.

Isang taon na si Sidney sa America. Gaya ng sinabi ni Art, illegal alien siya, nasilaw sa American dream, nagbakasakali, nabigo, at ngayon, hindi makauwi dahil sa kawalan ng pamasaha at sa pride na rin. Hindi alam sa kanila sa Calamba na naghihikahos siya sa America dahil ayaw niyang ipaalam sa pamilya. Sa mga magulang at sa mga kapatid, maganda na ang buhay niya.

Hindi naman na rin kailangang malaman ng mga ito na may utang siyang dalawang buwang renta sa landlord niya at kailangan niya iyong bayaran pagkagising na pagkagising nito kundi pisikal siya nitong ihahagis sa disyerto ng Nevada.

Suminghot siya at inalis ang salamin sa mata bago pinunasan ng apron ang mukha. Kahit gusto pa

niyang layasan si Art, kailangan niya ang sasahurin niya bukas.

Nang sumilip sa dining area ng maliit na diner, walang tao roon maliban sa isang lalaking nakaupo sa isang stool sa bar. Gumiling ang sikmura ni Sidney dahil ang lalaking iyon na yata ang pinakaguwapong nilalang na nakita niya sa buo niyang buhay.

Nang pumasok ito kanina at dumerecho sa counter para mag-order ng *Coke*, hindi lang softdrinks ang gusto niyang ialok dito kundi pati na rin yata puri niya. He had a masculine face with sharp cheekbones and piercing eyes that were green as iced emeralds. Matangos at elegante ang ilong nito na para bang nagsasaad ng dugong aristokratiko. Manipis ang mga labi nitong isang iritadong linya nang pumasok ito at nanatiling madilim ang ekspresyon ng lalaki sa buong oras na kinailangan para makaubos ito ng dalawang baso ng *Coke*.

Matangkad din ang lalaki, may malapad na mga balikat at maskuladong mga braso. Maskulado rin ang mga binti nito kung titingnan ang kapit ng suot nitong pantalon. He had muscular, powerful-looking legs, and a well-toned butt na gusto niyang kurutin.

Kung sana lang ay diyosa siya na bagay sa lalaking ganoon ang hitsura. Malas lang niya dahil pandak

siya at thirty pounds overweight. Kasalukuyan pang parang kinuryenteng pugad ng ibon na kulay cotton candy pink ang buhok niya dahil sa isang experiment nila ng isang kapit-bahay na may kinalaman sa pulang hair dye, ilang kemikal at isang electric curler.

Masyadong masikip ang pink checkered waitress uniform niya dahil hindi iyon sa kanya. Pinatunayan ng pangalang 'Mandy' na nakaburda sa bulsa sa kaliwang bahagi ng uniporme ang katotohanang iyon. Isa pa, halos ma-magnify nang tatlong beses ang mga mata niya sa likod ng suot niyang makapal na salamin dahil hindi niya kayang magsuot ng contact lenses.

Kaya kung diyos ang lalaki na ito, 'diyok' naman siya. Isang malaki, mahirap at desperadong joke.

"Can I get you anything else?" tanong niya sa lalaki nang mapuna na pinagmamasdan siya nito. Siguro iniisip nito na may species pala ng dugong na kulot.

"Yeah," anang estranghero, gamit ang malalim at napaka-sexy nitong boses. "I need your help."

Pinilit ni Sidney na manatiling nakatingin sa lalaki kahit pa gusto niyang mamilipit sa magkahalong kilig at kahihiyan. Ang sexy lang talaga ng southern accent

nito, parang cowboy na hindi.

Pinag-aaralan siya nito na parang isa siyang insekto sa ilalim ng microscope at lalo siyang na-conscious. Hinila niya pababa ang laylayan ng uniporme at itinulak pataas sa kanyang ilong ang kanyang salamin.

Payak siyang tumawa. “Sure,” aniya na kinuha ang walang lamang baso na nasa tapat nito. “What do you need?”

Parang nahila siya ng berde nitong mga mata na nanatiling nakatutok sa kanya hanggang sa nalimutan na niya ang lahat ng problema niya sa buhay at ang naroon na lang ay ang mga mata nito.

“I need you,” he began, “to marry me.”

1

Two years later.

Nadarama ni Tristan Hanaway ang mababang vibration ng kotse sa ilalim niya.

Maliban sa tunog ng makapangyarihang V8 engine, tibok na lamang ng kanyang puso ang naririnig niya sa likuran ng suot na helmet. Sing-liit na lang ng butas ng karayom ang focus ng concentration niya at iyon ay ang likod ng Number 23 car sa harapan ng kotse niya. Nilampasan na nila ang puting flag na nagsasaad na huling lap na iyon para sa lead car. Si Number 23 ang lead car; siya ang ikalawa. Kung gusto niyang manalo, kailangan na niya itong habulin. He wasn't called Chase for nothing.

“Steady, Chase, you're doing great,” sabi ng tinig ng kanyang crew chief mula sa earbud sa kanyang tainga. Hindi na siya sumagot.

Gumewang-gewang ang sasakyan sa harapan, alam niya para pigilan siyang makakuha ng draft at para hindi siya bigyan ng pagkakataong sumingit. Walang pakialam si Tristan. Makakakuha rin siya ng pagkakataon. Ikinilos niya ang mga daliring

mahigpit ang kapit sa manibela at hindi pinansin ang nadaramang pagtulo ng pawis sa kanyang mukha at likod sa loob ng suot na fire-retardant jumpsuit. Kapag natapos ang karerang ito, kapag nanalo na siya, puwede na siyang magbabad sa bath tub na may yelo kung gusto niya.

Then, he saw his chance. Naningkit siya nang makita ang paparating na kurba sa racetrack. Nagsimulang lumiko ang sasakyan sa kanyang unahan. Sinubukan nitong panatilihin ang dependsibong posisyon pero hindi ito tanga o sira-ulo para isaalang-alang ang kaligtasan nilang dalawa. Tumatakbo sila nang halos two hundred miles per hour. Isang pagkakamali lang maaari silang magbanggaan, gumulong, lumipad sa ere hanggang sa pareho nang malaking fireball ang kani-kanilang mga kotse at naiihaw na sila sa loob.

Nang gumilid ang kotse sa harapan ni Tristan, he gave it all he got. Sinundan niya ang kotse. Tatlong segundo lang, maximum, pagkatapos ay dumulas siya palabas sa slipstream ng Number 23 car at humarurot palampas dito nang ganap na silang makaliko.

Narinig niya ang hiyawan at pagdiriwang ng crew chief at pit crew members niya mula sa kanyang earbud. Suminghal siya at pinalipad ang kotse. At

nang tawirin niya ang finish line at iwinagayway sa pagdaan niya ang checkered flag, malakas siyang tumawa. He had won the *Daytona 500*.

Pinaikot ni Tristan ang gulong ng kanyang sasakyan habang nananatiling nakahinto ang kotse hanggang sa magsimulang umusok ang mga gulong. Tinatawag iyon na burnout at kadalasang ginagawa ng mga nanalo sa karera. Inabot sa kanya ang checkered flag at sinimulan niya ang kanyang victory lap sa gitna ng malakas na hiyawan at palakpakan ng mga nanonood.

Nang ihinto niya ang minamanehong *Chevrolet SS* sa Victory Lane, agad niyang inalis ang mga harness at hinintay ang hudyat kung maaari na siyang lumabas ng kotse para makuhanan ng mga larawan at video ng press. Nang matanggap iyon, hinila niya ang sarili palabas ng sasakyan mula sa bintana at sinalubong ng pag-ulan ng beer mula sa mga nagdiriwang na miyembro ng kanyang crew.

Nagbukas si Tristan ng isang bote ng champagne, sprayed his crew and the reporters bago nagpaunlak sa mga katanungan ng mga ito. At nang matapos ang pagdiriwang, bumalik siya sa kanyang motor home. Gusto sana niyang bumagsak na lamang sa kama kaya lang ay basa siya sa celebratory champagne.

He loved racing and he loved speed. Minsan nga lang, napapagod siya. Hindi sa karera kundi sa press conferences, meet-and-greets, interviews at kung anu-ano pa na kailangan niyang daluhan sa pagitan ng mga karera. At hindi lamang bilang si Chase Hanaway, stock car driver, kundi bilang si Stephen Tristan Hanaway IV, ang eredero ng *Hanaway Automotive Group* na isa sa pinakamalalaking car dealership sa America.

Nag-ring ang telepono at sinulyapan niya iyon. Sinagot lamang niya ang tawag dahil numero iyon ng kanyang abogado. “Hey, Toph.”

“Hey, Chase. I was watching the race. Congratulations!”

“Thanks,” sagot niya at naupo sa gilid ng kama para magsimulang maghubad para makapag-shower.

“And happy anniversary!” masaya nitong bati.

Agad niyang sinulyapan ang digital alarm clock sa sidetable kung saan naka-flash ang petsa. Oo nga, second wedding anniversary na niya.

“Thanks,” ulit niya. Agad na bumalik sa kanyang alaala ang kanyang asawa. Cute, chubby, adorably funny, naisip niyang kung iba lang siguro ang naging desisyon niya nang gabing ikinasal sila ni Sidney,

baka magkaibigan sila ngayon. “Kumusta na siya?”

“She’s doing great,” sagot ng abogado at narinig ni Tristan ang pagsasalansan nito ng mga papel. “Itatanong ko lang kung may gusto kang ipaayos sa kontrata. Kung wala, I’m sending her the check for ten thousand US dollars as instructed.”

Noong first wedding anniversary nila, pinadalhan niya ang asawa ng red roses at chocolates, kasama ng isang tseke para sa limang libong dolyar. Maliit na halaga kung titingnan ang ginawa nito para sa kanya. She saved his life. Or, at least, his inheritance and his future. At dahil pinakasalan siya ni Sidney dahil sa pera, pera ang ibinibigay niya rito bilang pabuya.

“Kailangan ba niya ng pera?” tanong niya.

“No,” mabilis na saad ng abogado. “Tumawag siya sa ’kin para tingnan kung puwede pa raw babaan ang allowance niya. Nahihiya na raw siya sa ’yo. Hindi naman daw niya kailangan ng five thousand US dollars a month.”

“No,” mariin niyang saad na hinuhubad na ang suot na jumpsuit. “She can keep the five thousand. And yes, send her the check.”

“Sure thing. Congratulations again on the win.”

“Thanks again.” Nang matapos ang tawag, tinawagan ni Tristan ang numero ng kanyang assistant at sinabihan ito na kasama sa ipadadala nitong bulaklak kay Sidney ay magpadala na rin ito ng isang necklace galing *Tiffany & Co.*

“Yellow gold, white gold, rose gold or platinum?” tanong ng kanyang assistant na si Sylvia. Sixty years old na ito at dating yaya ni Tristan. Kinuha ng mga Hanaway ang buo nitong pamilya mula sa Pilipinas nang magretiro ito. Dahil biyuda at na-bore sa pagiging retirado, nagtrabaho itong muli bilang personal assistant niya. Mukhang cute at chubby ang matanda pero daig pa nito ang isang heneral kung iorganisa ang buhay at schedule niya. Ito rin ang nagturo sa kanyang mag-Tagalog noong bata siya. Di bale nang one-eighth Filipino lang siya, kailangan niyang matuto.

“Ikaw nang bahala, Yaya,” sabi niya. “Basta ’yung maganda.”

“Hmp,” sabi nito sa telepono. Isa si Sidney sa mga bagay na ipinagtatampo nito sa kanya. Iritado si Sylvia na hindi man lamang niya ipinakilala rito ang babae bago niya ito pinakasalan at ni hindi pa niya ito ipinakikilala sa kahit na sino sa pamilya niya. “Bibilhin ko ang pinakamahal nilang necklace.

Tingnan ko kung ako pa rin ang bahala.”

Tumawa si Tristan. “I love you, Yaya.”

Muli lang itong umismid. “Huwag mong kalimutan ’yong gala mamayang eight. Dadalhin ko ang tuxedo mo sa coach mo nang four. May date ka na ba?”

“Dahil tumanggi ka nang ayain kita, wala.”

“Kung kasama mo kasi ang asawa mo tulad ng nararapat—”

Bumuntong-hininga siya at binuksan ang dutsa ng shower. “Yaya, I’m naked. Talaga bang pagagalitan mo ako habang nakahubad ako at papasok na ng shower?”

“Aba’t baka nakakalimutan mong pinulbusan ko ang tumbong mo n’ong bata ka!”

Malakas na tumawa si Tristan. “I’ll see you at four.”

“Yes, you will. Congrats on the race!”

“Thanks, Yaya.”

Nang matapos ang tawag, inihagis niya palabas ng silid ang smartphone na bumagsak sa kama bago pumasok sa shower stall. Bumuntong-hininga siya

sa preskong pakiramdam ng malamig na tubig bago pumikit at nagbababad. Akalain mo, dalawang taon na siyang kasal?

Dalawang taon na rin siyang malaya.

Nang mag-alas ocho ng gabi, napalitan na ng isang sopistikadong erederero ang stock car driver. Nakangiti si Tristan sa isa sa mga business partners ng kanyang ama habang may hawak na champagne flute. Kapag may ganitong okasyon, ni hindi pa siya makaubos ng isang basong alak. Nagmamadali pa siyang makauwi sa kanyang refrigerator kung saan nagsisiksikan ang mga lata ng *Coke*, *Sprite* at *Mountain Dew*.

Sana hindi halatang hindi siya nakikinig sa lalaking kumakausap sa kanya. Masaya siyang nagpaalam dito bago bumaling sa bar area kung saan sana—*Diyos ko*—ay may naka-stock na malamig na *Coke* dahil kailangan niya ng asukal.

“Chase,” tawag ng isang tinig at lumignon siya.

Bumuga siya ng hangin bago lumapit sa tatlong lalaking nakatayo sa gilid ng dance floor, may kanya-kanyang hawak na baso ng iba’t ibang uri ng inumin.

Teammates at kapwa niya drivers ang mga ito sa *Hanaway Motorsports*, ang team na pag-aari at minamane ng kanyang tiyuhin. Ngunit hindi lamang ang talento nila sa pagmamaneho at ang pagkahumaling sa bilis ang nagbubuklod sa kanila. Lahat sila ay may lahing Pinoy.

Ang pinakabata at rookie driver sa season na iyon ay si Elliot Garcia, ang twenty-two-year old na apo ni Yaya Sylvia. Filipino ito by blood pero nabigyan ng American citizenship nang mag-migrate ang buong nitong pamilya sa States. Sa kabila ng pagiging baguhan sa racing circuit, gumagawa na ng sariling pangalan ang lalaki.

Ang best friend ni Tristan na si Caden Messner ay tulad ni Tristan na one-eighth Pinoy. Best friend ng lolo nito ang lolo ni Tristan at partners ng kanyang mga magulang ang mga magulang nito sa ilang business ventures. Mag-best friends na sila mula pa nang apat na taong gulang sila at sabay na lumaki at nagbinata. Sila ang magkasama sa hirap at ginhawa at sa kalokohan.

Ang huling miyembro ng grupo na si Jefferson Aranda ay Fil-American din. Anak ito ng mekaniko ng mga Hanaway at noong una ay nag-apply bilang miyembro ng pit crew ni Tristan bago nila nalamang

magaling din itong magmaneho. Binigyan ito ng pagkakataon ng tiyuhin niya at ngayon ay isa na sa mga pinakasikat na drivers sa bansa.

Silang apat ang bumubuo sa grupong binansagan ng media na: The hottest team ever in the history of stock car racing.

“Namumutla ka yata,” puna ni Jeff.

“I hate talking to business associates,” ungol niya bago ibinaba ang hawak na flute ng champagne. “Pakiramdam ko kinakausap lang nila ako kasi gusto nila ng perang pangkapital, pero hindi ko naman sila puwedeng hindi kausapin.”

“Sabihin mo, you hate being a businessman,” nakangising tukso ni Cade. Isinandal nito ang balakang sa mesa sa likuran nito at humalukipkip. Tulad ni Tristan, naka-tuxedo rin ito pero hindi tulad niya, komportable ito sa suot. Iba na talaga kapag chickboy.

“Hindi ako businessman,” giit ni Tristan. “Wala ba sa inyo ang kumuha ng *Coke*?” Umiling ang mga kaibigan. Sinulyapan niya ang relo. Isang oras na siyang naroon sa gala. “Fifteen minutes pa, aalis na ako. Gusto n’yo ’kong samahan?”

“Samahan saan at may makakain ba kami roon

na mas may laman kaysa sa sandwiches na sini-serve nila rito?” tanong ni Elliot na nakakunot ang noo sa isang napakaliit na sandwich sa hawak na platito. Alam ni Chase na pipino at isang maliit na slice ng keso lang ang palaman niyon.

“*McDonald’s*. Gusto ko ng *Double Quarter Pounder* with cheese, fries at higanteng *Coke*.”

Agad na tumuwid si Cade. “Sama ’ko.”

“Call,” sagot ni Jeff. “Ako na’ng magda-drive.”

“Let’s take my car,” boluntaryo ni Elliot.

“Fifteen minutes,” pangako ni Tristan. In the meantime, maghahanap na talaga siya ng softdrinks. Baka bigla siyang magwala kapag hindi siya masalanan ng asukal at carbonated water.

Nang makarating siya sa bar, agad niyang sinenyasan ang bartender. “Hey, you got a *Coke*?”

Ngumisi ang babae na mapang-akit siyang tiningnan mula ulo hanggang sa hangganan ng nakikita nito mula sa kinatatayuan nito sa likuran ng bar. “Sure. For the rum. You want it neat?”

“You’re a gift from God. Yeah, just the *Coke* with lots of ice.”

Kumindat ito. “You got it.”

Mabilis na lumitaw sa harapan niya ang isang matangkad na basong puno ng yelo at softdrink. Kinuha niya iyon at ininom. Nangalahati ang baso at bumuga siya ng hangin ng pagpapasalamat.

“Thirsty?” tanong ng isang mapanuksong tinig ng babae mula sa kanyang likuran. Sanay si Tristan na nilalapitan ng mga babae. Hindi siya mayabang pagdating sa mukha niya pero alam niyang may hitsura siya. Idagdag pa na mayaman siya at isang sikat na racer.

Wala siya sa mood. Kung kaya’t nang sumulyap siya rito, handa na siyang sabihin na, “*I’m married,*” sakaling magpakilala ito sa kanya.

Pero tila tumigil ang pag-inog ng mundo at naglaho ang paligid at ang lahat ng tao roon nang magtama ang kanilang mga mata ng babaeng nasa likuran niya.

Pilipina ito kung pagbabasehan ang pantay nitong kayumangging balat. Bakit alam niyang pantay ang kulay nito? Dahil may malalaking cut-outs sa mga strategic places sa suot nitong puting gown. Parang isang strip ng tubetop ang tumatakip sa malusog nitong mga dibdib at may isang manipis na linya ng

puting telang nagkakabit doon sa palda ng damit. Nakalantad ang balingkinitan nitong baywang at ang toned nitong tiyan bago nagsimulang bumagsak ang puting palda hanggang sa mga paa ng babae.

Kung hindi pa astig ang katawan nito, natulala talaga si Tristan sa mukha ng babae. Kahawig nito si Miranda Kerr, iyong *Victoria's Secret Angel*.

She *looked* like an angel. Itim na itim ang buhok nito na lampas balikat. Maamo ang mukha, malaki at makapal ang pilik ng mga mata. Maganda ang hugis ng mga labi nito na naging dahilan para magising ang mga pantasya ni Tristan.

Ngumiti ang babae sa kanya at hindi niya alam kung kailan o saan, pero sigurado niya, nakilala na niya ito. Siguro sa past life niya, kung saan ito ang babaeng minahal niya at pinag-alayan ng buhay.

“Hi,” anito.

“Hello,” sagot ni Tristan na magaspang ang tinig. Kinailangan niyang lumunok, tumikhim at lumunok na muli bago magtunog-normal ang boses niya at hindi parang palakang nagbibinata.

“Can I get you anything, Ma’am?” tanong ng bartender at gusto itong palayasin ni Tristan nang saglit na nawala sa kanya ang atensyon ng anghel.

“Ah, yes. I’ll have...” Sinulyapan nito ang baso niya, “what he’s having.”

Nagtititigan pa rin sila nang ibaba ng waitress ang isang baso ng *Coke* sa tapat ng babae. May isang maliit na ngiti sa mga labi nito habang nagdarasal naman si Tristan na sana ay hindi nalaglag sa lupa ang kanyang dila at hindi siya naglalaway.

Tinikman ng babae ang inumin nang hindi inaalis ang mga mata mula sa kanya. Napaka-inosenteng kilos ngunit mula rito, naging napaka-sexual. Hindi alam ni Tristan kung iinumina niya ang *Coke* niya o ibubuhos na lang iyon kasama ang yelo sa harap ng kanyang pantalon.

“Plain *Coke*?” tanong nito na nakataas ang isang kilay.

“I don’t drink,” napapahiya niyang amin.

Tumawa ang babae. “I’m actually glad to know that.”

“Pilipina ka.”

“Oo,” sagot nito na hindi nagulat sa tanong niya. “Ikaw rin may dugong Pinoy.”

“Oo,” sagot din ni Tristan bago sila muling nagtitigan. Gusto lang niya itong pagmasdan. Gusto

lang niya itong tingnan mula ulo hanggang paa bago sundan ng mga kamay ang mga kurba ng katawan nito matapos magpakasawa ang kanyang mga mata. Pagkatapos, sana pahintulutan siya na bibig naman ang gamitin.

“I’m Tristan,” sabi niya.

There was something in her eyes. Isang saglit lang, isang kisap-mata lang na agad nawala bago ito muling ngumiti. “I’m Grace.”

I’m married, isip niya. Iyon ang agad niyang sinasabi kapag may nagpapakilala sa kanya na ang intensyon ay akitin siya. Pero hindi iyon ang naisip niya kay Grace. At nang muli itong nagtanong, hindi naisip ni Tristan ang tumanggi.

“Do you want to go somewhere more private?” tanong nito na nakatingin sa kanyang mga mata.

Nalimutan niya na lalabas sila ng mga kaibigan. Nalimutan niya na may asawa na siya. Nalimutan niya si Sidney at ang dahilan kung bakit niya ito pinakasalan.

Ngumiti siya. “Yeah,” sabi ni Tristan. “Let’s go.”

2

It had always been this easy. Ang mam-pick-up ng mga babae. Ngitian, kindatan, a little contact, at kadalasan patungo na sila ni Tristan sa kama. Hindi na ito bago sa kanya, na nakadantay sa likod ng isang babae ang isa niyang kamay habang iginigiya ito papasok ng elevator, paakyat sa isang silid.

Ang bago sa kanya ay ang pangininginig ng kamay na iyon at ang pagragasa ng matinding excitement sa kanyang katawan. Dahil ba diyosa ang babaeng sandali na lang ay makakaniig niya? O dahil ba, nakakahiya mang aminin, he hadn't had sex in two years? Sa tagal na niyang walang babae sa buhay, puwede na niyang sabihing virgin na siya ulit. He had never gone that long without sex mula pa nang una siyang makipag-sex.

“You okay?” mahinang tanong ng babae at sinulyapan niya ito.

“Yeah,” pagsisinungaling ni Tristan. “Bakit?”

Nagkibit-balikat ito at nadama niya ang tila satin nitong balat sa ilalim ng kanyang palad.

“Parang tensed ka kasi, eh.”

Pinagbigyan ang sarili, hinagod niya ang makinis nitong likod. Napangiti siya nang madama na nangatal din ito. “Okay lang ako,” sagot niya. “You’re very beautiful.”

Ngumiti si Grace, isang matamis at mahiyaing ngiti na humaplos sa puso niya. “Thank you,” bulong nito.

Bumukas ang elevator sa ika-dalawampung palapag at magkahawak-kamay silang naglakad patungo sa silid ng babae.

Nang buksan ni Grace ang pinto, malamlam ang ilaw mula sa lamp shade sa loob ng silid. Bukas ang kurtina sa mga bintana at tanaw ang ilaw ng Las Vegas Strip na parang isang malaking pagsabog ng fireworks. Masaya, masigla, kaakit-akit. Pero para kay Tristan, ang buong mundo niya ay nasa malamlam na silid na ito kasama ng babaeng nakatayo sa harapan niya.

Nagtaas siya ng isang kamay at marahang idinantay ang dulo ng mga daliri sa pisngi nito. Mainit ang balat ni Grace, malambot. Humakbang siya palapit at sinalubong siya nito. Nagtungo sa batok nito ang isang kamay ni Tristan at idinantay ng babae ang mga palad sa kanyang dibdib. Tumungo siya; tumiyad ito.

At nang maglapat ang kanilang mga labi sa unang pagkakataon, parang naging klaro para kay Tristan kung bakit siya nasa mundong ibabaw. Iyon ay para makilala ang babaeng ito.

Humakbang siya patungo sa kama at umatras si Grace kasama niya. Maingat niya itong itinulak at naupo ang babae. Sinundan niya ito pababa na hindi inaangat ang mga labi mula sa bibig nito.

Nang itulak nito pahubad sa kanyang mga balikat ang suot niyang jacket, tinulungan niya ito. Hinila ng lalaki paalis ang suot na bowtie at hinayaang alisin ni Grace ang pagkakabutones ng polo niya. Sana hindi siya napadaing nang maramdaman ang mapanukat nitong haplos sa dibdib niya.

Marahan siyang umakyat ng kama para dumagan dito. Bumalot sa kanyang leeg ang mga braso nito at bumuka sa ilalim ng kanyang halik ang mga labi ng babae. Gumala ang kanyang mga kamay mula sa makinis nitong mga balikat, pababa sa mga braso bago lumipat sa baywang nito ang kanyang mga palad, sa baywang nitong nakalantad, salamat sa disenyo ng gown nito.

She was so hot.

Ikiniling nito ang ulo sa isang banda para hayaan

siyang tikman ang balikat nito. He nibbled on her shoulder, then over her collarbone before his hot mouth traced the curve of her breast. Ito na yata ang pinakamatamis na babaeng natikman niya.

“Tristan,” mahina nitong hingal. “Please...”

Hinila niya pababa ang damit nito. And this time, he did groan at the sight of her generous breasts. He bent his head to taste. Gusto niyang magpakasasa pero nagpigil siya. Buong gabi niya itong gagawin.

Sumabunot sa kanyang buhok ang mga daliri ng babae. The slight pain urged him on and his mouth became even more voracious on her skin, feasting on her flesh. Nagsumiksik siya sa pagitan ng mga hita nito at umungol sa frustration nang pigilan siya ng palda ng babae.

Nag-angat siya ng ulo para ayusin ang pagkakadagan sa ibabaw ni Sidney at—

Si Sidney. Shit. Si Sidney...

Natauhan siya.

Napaawang ang kanyang bibig nang magtama ang kanilang mga mata ni Grace. Her eyes were sleepy and half-closed with lust. Her lips were swollen from passion. Nakalantad sa kanyang paningin ang

dibdib nito na parang iniaalay sa kanya. Nadarama ni Tristan ang pagkilos ng mga hita nito sa ilalim niya at alam niyang nadarama nito ang kahandaan ng katawan niya.

He was so ready to take her na hindi niya naisip na mali ito. Dahil may asawa siya. It didn't matter na wala silang emotional attachment ni Sidney, kasal sila. At unfair iyon kay Grace. Hindi pa ba siya nagtanda?

Malutong siyang nagmura bago gumulong pahiga sa tabi ng babae sa kama. Nag-angat ng ulo ang katabi.

“Tristan?” puno ng pag-aalala ang tinig nito.

“I’m sorry,” bulong niya bago mapait na tumawa. “God, I’m sorry. I can’t do this.”

Naupo siya at naupo rin ang katabi. Hindi niya ito tiningnan dahil sigurado siyang matutukso siya kapag nakitang muli ang kahubdan ng dalaga. Tumayo siya mula sa kama, ibinutones ang suot na polo bago tumungo para damputin ang jacket niya.

“Bakit?” tanong ng babae.

Sinulyapan niya ito. Hawak na nito ang kumot para takpan ang sarili. Punong pagtataka ang mga

mata ni Grace, at kung hindi siya nagkakamali, ng hinanakit.

“I’m sorry,” ulit niya. “It’s not fair to you.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

Pinagmasdan niya ito. Sa buong buhay ni Tristan, wala na yata siyang higit na ginusto pa maliban sa babaeng ito. Pero, *anak ng putakte*, hindi siya pinalaki ng mga magulang at ng yaya niya para manloko ng babae, lalo na ng babaeng tulad nito.

“I can’t do this. Because I’m already married.” Napaawang ang bibig ng babae at mapait siyang ngumiti. “It’s not fair to you or to my wife.” Tumungo siya at hinalikan ito sa noo, isang masuyo at maingat na halik. “I’m really sorry.”

Hindi nagsalita si Grace nang magsimula siyang maglakad palabas ng silid. Hindi siya nito tinawag nang marating niya ang pinto. At nang isara niya iyon sa kanyang likuran, ang pakiramdam ni Tristan ay walang ipinagkaiba ang sitwasyon kung nanalo siya sa lotto pero sa huli ay ibinalik din ang premyo dahil lang hindi siya ang bumili ng ticket.

Lumapit siya sa pader sa tapat ng pinto ni Grace at iniuntog ang noo roon. He absolutely hated being a good guy.

Sa loob ng silid, nanatiling nakaupo sa kama si Sidney Grace de Castro Hanaway, hawak ang kumot sa kanyang dibdib, nadarama pa rin ang mga labi ni Tristan sa kanyang balat. Hindi niya alam kung matutuwa na hindi siya pinagtaksilan ng asawa o maiinis dahil hindi ito nabulag sa pagnanasa dahil sa alindog niyang bagong praktis pa naman niya.

Pabagsak na nahiga si Sidney. It would appear that seducing her own husband was going to be harder than she thought.

Hindi maganda ang tulog ni Sidney. Maya't maya ay nagigising siya dahil nadarama niya ang haplos ni Tristan sa kanyang balat. Pagkatapos ay makakadama siya ng pangungulila dahil imahinasyon lang pala niya iyon. Ay, hindi pala imahinasyon, alaala na pala. Matapos ang dalawang taon, sa wakas, natikman na rin ni Sidney ang mga halik ng asawa. Hindi na siya nakatulog hanggang sa magliwanag ang langit sa labas kung kaya't bumangon na lang siya, nag-shower at nagbihis ng isang kulay puting bestida na hanggang tuhod.

Nang magpakasal sila ni Tristan at nagkaroon na siya ng buwan-buwang sustento mula rito, nagkaroon siya ng kalayaang subukan ang mga bagay na dati

ay hindi niya kaya tulad ng pagsusuot ng mga bestida, high heels at makeup. Dati kasi, imbis na bumili siya ng mga panlandi, napupunta sa pagkain, renta at iba pang gastusin ang pera niya. Isa pa, overweight siya noon. Baka sabihin ng makakakita, may hippopotamus na naka-makeup.

Nang gabi ng kanilang kasal, nagtungo sila sa isa sa napakaraming wedding chapels sa Las Vegas. Nakigamit ang lalaki ng computer para ma-download nila ang prenup na ipinadala ng abogado nito bago sila nagpakasal.

Matapos ang maikling seremonya, inihatid siya ni Tristan sa bahay para magbayad ng utang sa landlord niya bago sila magkatulong na nag-empake para makalipat siya sa isang hotel kung saan siya mananatili hanggang sa makahanap na siya ng bagong bahay na lilipatan.

At dahil madaling araw na iyon, nag-agahan sila at nagkuwentuhan hanggang sa sumikat ang araw. Si Sidney ang nagkuwento at nakinig lang ang bago at misteryoso niyang asawa. At nang ihatid siya nito sa kanyang silid, tumungo si Tristan, hinalikan siya sa noo at niyakap. Nagpasalamat ito sa kanya bago ito umalis.

Nang sunod na makita niya ang asawa, isang

linggo na ang nakalipas at nagkamali lang siya ng lipat ng TV sa isang sports channel. Nakita niya ang lalaking laman ng kanyang mga pantasya na ini-interview matapos nitong maipanalò ang isang karera sa Daytona.

Naging obsessed siya kay Stephen Tristan Hanaway IV sa paraang obsessed dito ang maraming babae. Naging malaking *NASCAR* fan siya at sinundan ang karera nito sa TV at sa Internet. Kung hindi lang siya nakakatanggap ng buwanang tseke na ine-encash niya gamit ang isang bagong ID kung saan nakasulat na Hanaway ang kanyang apelyido, hindi pa siya maniniwala na asawa niya ang lalaki.

Kay Sidney, wala siyang kaibahan sa ibang mga fangirls ni Tristan. Hindi rin naman niya mahawakan ang lalaki kahit pa pangalan nito ang nakasulat sa marriage certificate nila.

Kung gaano kaliwanag ang kinabukasan niya, ganoon naman kalungkot at ka-frustrating ang buhay may-asawa niya. Nangungulila siya sa isang lalaking hindi niya makukuha.

Hindi nag-diet si Sidney pero pumayat siya, siguro dahil na rin sa depression. At nang mapansing nasasayang ang buhay niya sa pagmumukmok, nagpagupit siya. Para na rin alisin na nang tuluyan

ang pink na mga hibla. Bumili siya ng mga damit na matagal nang gustong subukan at nanood ng sandamakmak na *YouTube* videos ng makeup tutorials hanggang sa halos maaari na siyang mag-makeup ng isang buong lineup ng mga Vegas showgirls. May sapat na pera na rin siya para magpa-laser eye surgery kung kaya't malinaw na ang kanyang mga mata.

At nang minsang tingnan ang sarili sa salamin, ibang-iba na ang hitsura niya na sigurado niyang hindi na siya makikilala ni Tristan.

Iyon ang simula ng plano niyang akitin ang asawa. Kahit kailan, hindi niya ito maaakit bilang ang chubby at kakatwang naghihikahos na waitress na si Sidney, pero baka may pag-asa siya bilang ang mukhang modelo-slash-beauty queen na si Grace.

She had fallen in love with him that one short night a long time ago, pero alam niyang hindi ito mapapasakanya. Gusto lang niyang maranasang mahalín ng asawa kahit isang gabi lang... o isang linggo... o isang buwan. Kung hindi siya makakakuha ng forever, she'd grab what she could get.

Sige na, fangirl na siya pero at least may legal siyang karapatan sa lalaki.

Bumaba siya ng hotel at namili ng isa sa mga

restaurants na naroon. Dapat siguro namili siya ng isang kainan kung saan nagse-serve sila ng mas healthy na pagkain pero pinili niya ang *Sugar & Ice*, isang restaurant na nagbebenta ng sandwiches at gelato.

Kailangan niya ng asukal.

Pinili niyang maupo sa isang wrought-iron table sa patio kung saan tanaw ang waterfalls ng hotel. Dala niya ang tray ng in-order niyang chicken and cheese panini at tomato soup. Ano na bang plano niya para sa araw?

“Hi.”

Nag-angat siya ng paningin at muntik nang atakehin sa puso nang makita ang lalaking dalawang taon na niyang iniisip. Mukha itong kaswal at napakaguwapo sa suot nitong kulay puting polo shirt at maong. May maliit itong ngiti sa mga labi pero tila ba nanunukat ang mga mata.

“Hi,” pabulong na sagot ni Sidney.

“Mind if I sit down?”

“No,” muli niyang bulong.

No, she didn’t mind. She wouldn’t mind kung habambuhay nitong gustong maupo sa tabi niya.